

PABATID NG HALALAN/ELEKSYON

IBINIBIGAY ANG PABATID na ang isang Pangkalahatang Pangmunisipyong Eleksyon (*General Municipal Election*) ay gaganapin sa Lungsod ng Lemon Grove sa Martes, Nobyembre 5, 2024, para sa mga sumusunod na Opisyal:

Para sa dalawang (2) miyembro ng Konseho ng Lungsod
Para sa isang (1) Alkalde ng Konseho ng Lungsod

(Buong termino ng apat (4) na taon)
(Buong termino ng apat (4) na taon)

Ang mga deklarasyon ng kandidatura at iba pang kinakailangang mga dokumento sa nominasyon para sa mga karapat-dapat na kandidato na nagnanais na tumakbo para sa isang pinagbobotohang posisyon/posisyong pinupuno sa pamamagitan ng eleksyon (*elective office*) ay maaaring makuha at ihain sa Lungsod ng Lemon Grove, na matatagpuan sa 3232 Main Street, Lemon Grove, CA 91945 sa o pagkatapos ng Hulyo 15, 2024 ng 5:00 ng hapon at dapat ihain sa parehong lokasyon nang hindi lalampas sa 5:00 ng hapon ng Agosto 9, 2024. Kung hindi naghain ang isang karapat-dapat na kasalukuyang nanunungkulan ng deklarasyon ng kandidatura bago sumapit ang 5:00 ng hapon ng Agosto 9, 2024, ang sinumang karapat-dapat na tao maliban sa kasalukuyang nanunungkulan ay magkakaroon ng hanggang 5:00 ng hapon ng Agosto 14, 2024 upang maghain ng deklarasyon ng kandidatura (at iba pang mga kinakailangang dokumento) para sa pinagbobotohang posisyon (*elective office*). Ang mga interesadong indibidwal na gustong tumakbo para sa posisyon ay dapat mag-iskedyul ng appointment sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono kay Joel G. Pablo, Klerk ng Lungsod, sa (619) 825-3841 o sa pamamagitan ng e-mail, sa jpablo@lemongrove.ca.gov. Ang extension na ito ay hindi naaangkop kung saan walang kasalukuyang nanunungkulan na karapat-dapat na mahalal.

Kung walang isa o iisang tao lamang ang nominado para sa isang pinagbobotohang posisyon (*elective office*), maaaring gawin ang appointment sa pinagbobotohang posisyon ayon sa inatas ng § 10229 ng California Elections Code.

Ang mga botohan (mga lugar ng botohan) ay magbubukas sa pagitan ng mga oras ng 7:00 ng umaga at 8:00 ng gabi.

/s/: Joel G. Pablo, Klerk ng Lungsod
Lungsod ng Lemon Grove